

Unang Ulap


Noong unang panahon, napakaliwanag ng mundo. Namumuhay ang mga tao nang sagana. Nagdadamayan at nagtutulungan sila.

Nang dumami na ang mga tao at nasanay sa matiwasay na buhay, wala na silang ginawa kundi matulog nang buong araw. Kung gabi naman ay abala sa awitan at sayawan. Naging tamad sila at pinabayaan ang bukirin.

Natuyot ang mga puno at halaman na nilikha ni Bathala dahil sa walang ulan. Tuluyang namatay ang mga ito dahil sa kapabayaang ng tao. Nalungkot si Bathala.

Pinadala ni Bathala sa lupa ang kaniyang anak—si Laon upang umigib ng tubig sa ilog. Doon naging malapit si Laon sa tao. Nagkaroon siya ng maraming kaibigan. Lagi siyang nakikipagsaya. Nakalimutan niya ang dapat niyang gawin sa lupa.


Tigang na tigang na ang lupa. Nagtataka si Bathala kung bakit natagalan si Laon na mag-igib ng tubig. Nagulat siya sa kaniyang nakita. Hindi siya sinunod ng anak. Nagalit siya dahil inuna pa ng anak ang pagsasaya.



Mahal ni Bathala si Laon.
Hindi niya matiis ang anak. Ang galit ay
napalitan ng awa. Kung hindi maibibigay ni Laon at
ng mga tao ang kaniyang hiling, siya na mismo ang
didilig ng tuyong lupa.

Pinainit ni Bathala ang sinag ng araw. Sinipsip
nito ang tubig sa sapa, ilog, at dagat papuntang
kalangitan. Biglang dumilim ang kalangitan kahit
maaga pa.

Natakot ang mga tao sa kanilang nakita.
Sa unang pagkakataon, dumilim ang paligid
kahit hindi pa gabi. Nagising ang lahat.
Akala nila, ito na ang katapusan ng
mundo. Akala nila sumpa ito ni
Bathala.



Biglang bumuhos ang malakas na ulan. Nadiligan ang mga puno at tanim. Nabasa ang bukirin. Umagos ang tubig sa sapa, ilog, at dagat. Pagkatapos ng ulan, muling sumikat ang araw. Muling nanariwa ang paligid.

Humingi ng tawad si Laon kay Bathala at agad siyang pinatawad. Nagsisi ang mga tao sa kanilang ginawa. Ang dating tamad na mga tao ay naging masipag. Binungkal at inalagaan nila ulit ang lupa.

Naging maalalahanin pa rin si Bathala. Paminsan-minsan, nagpapadala siya ng maitim na ulap sa kalangitan. Paalala ito na sa bawat buhos ng ulan sa lupa, hatid ang kasaganaan at pagbabago.